*Progetto cofinanziato da*

Ministero dell'Interno
PREFETTURA
DI FIRENZE

MINISTERO
DELL'INTERNO

# Fondo europeo per l'integrazione di cittadini di paesi terzi

**Ang Kasunduan para sa Integrasyon (ACCORDO DI INTEGRAZIONE)**

Ang kasunduang ito ay isang paraan upang maging mas madali ang integrasyon ng isang migrante (na may edad mula 16 na taon pataas) na pumasok sa Italya sa kauna-unahang pagkakataon at nanghihingi ng permit to stay na may tagal na hindi bababa sa isang taon. Sa loob ng unang dalawang taon, kailangang makaipon ang migrante ng 30 puntos upang mai-renew ang kanyang permit to stay.

Sa pagpirma sa kasunduan, ang migrante ay makakakuha ng 16 na puntos at habang may bisa ang kanyang unang permit to stay, kailangan niyang:

- Pagdalo sa 10 oras na seminar ng civic training sa mga Centri Territoriali Permanenti bago lumipas ang tatlong buwan mula sa pagpirma ng kasunduan. Ang hindi pagpunta ay mag-reresulta ng pagbawas ng 15 puntos.
- Garantiyahan ang obligadong pag-aaral ng mga anak na menor de edad
- Magbayad ng mga buwis at kontribusyon

**Upang makaipon makatupad sa Kasunduan, kailangang makaipon ang migrante ng 30 puntos sa pamamagitan ng:**

- Pagkakaroon ng sapat na kaalaman ng wikang italyano na hindi dapat bababa sa level A2 ng Common European Framework of Reference for Languages (30 na puntos)
- Pagtatapos ng isang buong taon ng pagpasok sa eskwelahan na organisado ng mga Istitusyong pang-edukasyon (30 na puntos)
- Pagpili ng doktor ng pamilya (tessera sanitaria) (4 na puntos)
- Pagkakaroon ng kontrata ng bahay sa sariling pangalan (6 na puntos)
- Pagkakaroon ng sariling negosyo o aktibidad na propesyunal (4 na puntos)

**Ang mga puntos ay maaari ding mabawasan kung:**

- Hindi pagdalo sa mga seminars ng civic training sa mga Centri Territoriali Permanenti bago matapos ang tatlong buwan mula sa pagpirma ng kasunduan (mababawasan ng 15 puntos)
- Criminal convictions, kahit na hindi pa depinitibo (ang dami ng mga puntos na babawasin ay dipende sa tagal ng inihatol) halimbawa ay mga administrative offenses, mga seguridad, ecc.

Bago matapos ang dalawang taon, iimbitahan ng Sportello Unico ang migrante na ipakita ang mga dokumento (titulo ng pag-aaral, certificates ng pagpasok sa eskwelahan ng mga anak, certificates ng pagsali sa mga kurso, tessera sanitaria atbp.) upang kilalanin ang iba pang mga naipong puntos.

**Puntos mula 1 hanggang 29**
Kung hindi makukumpleto ng migrante 30 puntos sa loob ng dalawang taon, maaari siyang bigyan ng panibagong isang taon na palugit. Sa ganitong sitwasyon, kailangang mag-request ang migrante sa Sportello Unico para sa Imigrasyon.

**Walang naipong puntos**
Babawiin ang permit to stay o hindi na ito ire-renew, at pagpapaalis ng migrante sa teritoryong italyano.

Para sa iba pang mga impormasyon:
www.immigrazione.regione.toscana.it > Accordo di integrazione

**Mga maaaring kontakin:**
Telepono: 055 2783643 (mula Lunes hanggang Huwebes, 9.00 - 13.00)
E-mail: immigrazione.pref_firenze@interno.it

Aggiornato: Giugno 2013 (TAGALOG)